

SINIPI SA KATITIKAN NG UNANG ESPESYAN NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 23 MARSO 2010, 9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento - Pangulo, Pambayang
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Rufino D. Lumbres - Pangulo, Liga ng mga
Barangay

PAMBAYANG ORDINANSANG BLG. 01
Taong 2010

ISANG KAUTUSANG BAYAN O ORDINANSANG NA
NAGTATAKDA NG MGA KARAGDAGANG
ALITUNTUNIN AT REGULASYON SA PAGGAWAD NG
LINYA O PRANGKESA PARA SA MGA DE MOTOR NA
TRICYCLCE ALINSUNOD SA ITINATADHANA NG
SECTION 447 (3)(VI NG LOCAL GOVERNMENT CODE

SAPAGKAT, itinatadhana ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal na ang kapangyarihan sa paggawad ng prangkesa sa mga de-motor na tricycle ay ipinagkaloob sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKAT, upang maging maayos ang pagkakaloob ng linya o prangkesa ay nararapat lamang na may malinaw na mga regulasyon at alituntunin;

SAPAGKAT, patuloy ang pagdami ng hanapbuhay sa pamamagitan ng pamamasada ng de-motor na tricycle dahilang upang magkaroon ng linya o ruta ang bawat samahan o asosasyon ng de-motor na tricycle.

DAHIL DITO, IPINAG-UUTOS NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA:

PANGKAT 1. Ang lahat ng driver at operator na kukuha ng prangkesa sa PamahalaangBayan ay nararapat na kasapi ng isa sa mga asosasyong kinikilala ng Pamahalaang Bayan.

- PANGKAT

2. Walang driver at operator ang maaaring makakuha ng prangkesa hanggat walang ipinakitang sertipikasyon ng pagiging kasapi ng isang samahan o asosasyon ng de-motor na tricycle.
- PANGKAT

3. Ang prangkesa ay ipagkakaloob sa mga lehitimong residente ng bayan ng Roxas at namamasada sa mga rutang nasasakupan lamang ng bayang ito.
- PANGKAT

4. Ang lahat ng mga asosasyon ay pagkakalooban ng kanya-kanyang ruta o linya at ang bawat asosasyon ay may itatalagang kulay bilang pagkakakilanlan kung saang ruta sila nabibilang.
- PANGKAT

5. Ang sinumang lalabag sa mga alituntuning nakasaad dito ay parurusahan ng multang hindi hihigit sa P2,500.00 o pagkabilanggo ng hindi hihigit sa anim (6) na buwan o kaya ang dalawang kaparusahang ito ayon sa pasya ng hukuman.
- PANGKAT

7. Ang kautusang ito o Ordinansa ay magkakabisa sampung (10) araw matapos na ito ay mapagtibay.

Sa mungkahi ni Konsehal Agustin L. Cusi na pinangalawahan ng lahat ang Ordinansang ito ay pinagtibay.

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JACKSON CINCO DY
Punong Bayan
Petsa_____